Philippine Overseas Employment Administration

Republic of the Philippines
Department of Labor and Employment
BFO Building, Ortigas Avenue cor. EDSA, Mandaluyong City 1501

Website: www.poea.gov.ph E-mail: info@poea.gov.ph
Hotlines: 722-1144, 722-1155

CERTIFICATION INTERNATIONAL ISO 9001:2008 CIP/4676/12/08/811
PAB ACCREDITED QMS Certification Body Accreditation No: MSA-001

News Release
May 2, 2016

# Opisina ng illegal recruiter ipinasara ng POEA, may-ari at mga empleyado kakasuhan

Isinara kamakailan lamang ng mga operatiba ng POEA at Manila Police District (MPD-PNP) ang opisina ng Circle of 8/JMP Polaris Navigation, Inc., sa M.H. Del Pilar St., Ermita, Manila dahil sa pagkahuli sa akto ng illegal recruitment.

Limang biktima na fishermen ang na-recruit at naipadala ng Circle of 8 (na ang dating pangalan ay JMP Polaris) sa Taiwan at Marshall Islands ng WALANG karampatang lisensiya na mag-recruit mula sa POEA. Matagal nang kanselado ang lisensya ng JMP Polaris, pero patuloy ang recruitment ng mga fisherman para daw sa Taiwan at Marshall Islands.

Kakasuhan ang mga opisyales at tauhan ng Circle of 8/JMP Polaris Navigation, Inc ng illegal recruitment sa Department of Justice.

Maging matalino, huwag magpaloko!